| | | | |
|---|---|---|---|
| **Catch-up Subject:** | Awareness Education | **Grade Level:** | 4 |
| **Quarterly Theme:** | Community Awareness-Respect *(refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)* | **Date:** | February 23, 2024 |
| **Sub-theme:** | *Sangay ng Pamahalaan (refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)* | **Duration:** | 40 mins *(time allotment as per DO 21, s. 2019)* |
| **Session Title:** | **Wastong Paraan ng Paggamit ng Gamot.** | **Subject and Time:** | Health 4 |
| **Session Objectives:** | Pagtapos ng aralin ang mga mag aaral ay inaasahan na:<br>1. Matukoy ang ga wastong paraan ng paggamit ng gamot.<br>2. Makapagtala o makagawa ng listahan na nagpapakita ng positibong epekto ng wastong paggamit ng gamot.<br>3. Makapagbahagi ng mga natutunan sa aralin. | | |
| **References:** | K to 12 Basic Education Curriculum | | |
| **Materials:** | PPT<br>Laptop<br>Journals or notebooks for each student | | |
| **Components** | **Duration** | **Activities** | |

| | | |
|---|---|---|
| **Activity** | 15 mins | (see below) |






Magpapakita ng larawan.
Itanong:

Ano ang mga nasa larawan?

Saan natin gingamit ang mga ito?

Anu-ano ang mga bagay na dapat isaalang-alang sa paggamit ng mga ito?

Gawin:

**Himig mo, Musika natin! Halina at awitin!**


Ipaliwanag ang alituntunin ng gawain.

1. Sumulat ng limang paraan kung paano gagamitin ang mga gamot sa tamang paraan.

2. Lapatan ito ng himig upang maging isang awitin.

3. Ihanda ang sarili at awitin ito aa harap ng klase.

Gamitin ang sumusund na rubriks para sa pagbibigay ng marka sa mga mag-aaral.



Rubric for Singing

| Grade 4-8 | D | C | B | A | |
|---|---|---|---|---|---|
| Grade 1-3 | Beginning | Satisfactory | Proficient | Excellent | MARK |
| Melody, Pitch and Pitch Direction | ➤ Developing towards singing in tune. Limited breath control. Pitch is uncertain. | ➤ Sings some simple songs mostly in tune. ➤ Developing breath control for typical patterns. Has difficulty with managing pitch control. | ➤ Sings simple songs easily and manages some more complex tunes some of the time. Has adequate breath control. Matches pitch with few errors. | ➤ Confidently sings in tune for most songs appropriate to student's level. Proper breath control enhances phrasing. Matches pitch reliably. | |
| Rhythm | ➤ Tempo/rhythm are uncertain and irregular. | ➤ Some regularity in tempo-rhythm, but sometimes misses. | ➤ Maintains consistent tempo/rhythm. | ➤ Maintains appropriate tempo/rhythm for given songs—can punctuate effectively and independently. | |
| Dynamics | ➤ Dynamic level is often too loud, overpowering others, or so soft that the song cannot be heard. | ➤ Dynamic level varies inconsistently, but is developing towards appropriate levels. | ➤ Dynamics are consistent and generally appropriate and balanced within the ensemble. | ➤ Dynamics are appropriate for different aspects of the song. Reflects the notation and/or the director's | |

| | | |
|---|---|---|
| | | Alin sa mga sumusunod na larawan ang nagpapakita ng wastong paggamit ng gamot? Bilugan ito at ipaliwanag sa klase.<br>  <br>  |
| **Reflection** | 15 mins | Pagkatapos ng presentasyon ng awitin at gawain, talakayin ang mga tungkulin ng bawat isa sa pamayanan upang maipakita ang positibong epekto ng wastong paggamit ng gamot.<br><br>Basahin ang kwento na nasa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na katanungan.<br><br>**“Ang Tatlong Magkakaibigan”**<br><br>Tatlong magkakaibigan na sina Juan, Pedro at Maria ay nag-aaral sa iisang paaralan. Isang araw, nagkasakit si Juan at hindi nakapasok sa klase. Kinabukasan, bumalik siya sa paaralan at nagdala ng mga gamot para sa kanyang sakit.<br><br>Napansin ni Pedro na may dala-dalang gamot si Juan at nag-alala siya para sa kanyang kaibigan. Tinanong niya si Juan kung ano ang sakit niya at kung paano niya ginagamit ang mga gamot. Sinabi ni Juan na may reseta siya mula sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | doktor at sinusunod niya ang tamang dosis at oras ng pag-inom ng gamot.<br><br>Napansin naman ni Maria na parang hindi maganda ang pakiramdam ni Pedro. Tinanong niya ito kung ano ang nararamdaman niya. Sinabi ni Pedro na may sakit siya sa ulo. Agad na inalok ni Juan ang kanyang gamot kay Pedro, ngunit tumanggi si Maria.<br><br>Paliwanag ni Maria, hindi dapat ibinibigay ang gamot na nireseta para sa iyo sa ibang tao dahil maaaring hindi ito angkop sa kanilang kalagayan o maaaring magdulot ito ng hindi magandang epekto. Dapat magpakonsulta muna sa doktor bago uminom ng anumang gamot.<br><br>Sa huli, nagpunta si Pedro sa klinika ng paaralan at nagpakonsulta sa doktor. Natutunan nila na mahalaga ang tamang paggamit ng gamot at hindi dapat ito ibinibigay sa iba nang walang payo mula sa doktor. Mula noon, naging mas maingat sila sa paggamit ng gamot at nagpapayo rin sila sa kanilang mga kaklase na gawin ang wastong paraan ng paggamit ng gamot.<br><br>***Bigyan pansin ang mga naitulong ng ibang tao sa pagbibigay ng kaalaman sa kapwa at pagpapanatili ng pagkakaroon ng sapat na kaalaman (awareness) sa mga mahahalagang bagay.***<br><br>Itanong:<br><br>1. Bakit mahalaga na sumunod sa tamang dosis at oras ng pag-inom ng gamot?<br><br>2. Ano ang maaaring mangyari kung hindi susundin ang reseta ng doktor sa paggamit ng gamot?<br><br>3. Paano naging responsableng kaibigan si Juan sa pag-aalok ng gamot kay Pedro? |

| | | |
|---|---|---|
| | | 4. Ano ang iba pang mga paraan ng pag-aalaga sa kalusugan bukod sa paggamit ng gamot?<br><br>5. Paano naging maingat si Maria sa pagpayo kay Pedro tungkol sa paggamit ng gamot? |
| **Wrap Up** | 5 mins | Para sa inyo, mahalaga ba ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman o kamalayan sa wastong paggamit ng gamot? |
| **Drawing/Coloring Activity (Grades 1- 3)**<br>**Journal Writing (Grades 4 – 10)** | 5 mins | Journal Writing:<br><br>Sa paggawa ng journal, isulat ang sumusunod:<br><br>Natutunan ko na: ______________________________________<br>Ibabahagi ko sa kapwa ang: ____________________________ |

Prepared by:

**FILOMENA S. DEL ROSARIO**
Teacher I

**MARIA ELENA C. VERTUDES**
Teacher II